ANG KWENTO NI MABUTI NI GENOVEVA EDROZA-MATUTE
: Summary of the Story

Ang maikling kuwentong ito ay tungkol sa isang guro at ina na kung bansagan ng kanyang mga estudyante ay “Mabuti”. Si Mabuti ang naging dahilan upang maunawaan ng isang mag-aaral sa katauhan ni Fe ang tunay na kahulugan ng buhay. Si Mabuti may suliraning iniiyakan, tulad din ni Fe. Sa kabila nito, napaghingahan niya ng damdamin ang guro. Bumuti ang kanyang pakiramdam at naging positibo ang kanyang pananaw sa buhay. Natuklasan niya ang isang lihim sa pagkatao nito na nagbunga ng anak. Ang anak na ipinagmamalaki ng guro sa kabila ng lahat. Hindi niya kinabakasan ng kapaitan ang guro. Naramdaman ni Fe na sila ni Mabuti ay iisa dahil nadama niya na silang dalawa ay bahagi ng mga nilalang na nakararanas ng kalungkutan at nakakikilala ng kaligayahan.

ARAL NG KWENTO:

Sa karakter ni mabuti ay masasalamin natin ang isang malakas na tao. hindi ipinapakita ni mabuti sa iba ang kanyang kalungkutan dahil gusto niyang ang makita sa kanya ng iba o ng kanyang mga estudyante ay kabutihan o pagiging positibo. sa panahon ngayon, napakaraming problema ang kinahaharap nating mga tao. kakambal na yan ng buhay. ang mga mahihina ay malulungkot at mawawalan ng pag-asa. ang iba nga ay nagpapakamatay pa. ngunit sa kwentong ito ay nakita natin si mabuti na malakas nyang nilabanan ang kalungkutan at mga problema nya sa buhay. hindi siya pinanghinaan ng loob. bagkus patuloy siyang nagpapatuloy sa buhay at nagagawa pa niyang mangarap ng mataas para sa kanyang anak. maiintindihan natin sa kwentong ito na hindi tayo dapat madaig ng mga problema sa ating buhay. tignan natin ang mundo bilang isang paraiso na puno ng kagandahan at kabutihan.unawain natin na normal sa tao ang kalungkutan at sa pagtanggap sa kalungkutang iyon ay makakamit natin ang kaligayahan na matagal na nating inaasam.

Explanation about "Ang Kwento Ni Mabuti"

Tinatawag siyang Mabuti ng kaniyang mga estudyante sa kanyang likod dahil lahat ng kaniyang mga salita ay naglalaman ng mga kabutihan. Bukod roo'y binudburan rin ng salitang 'mabuti' ang mga sinasabi niya.

Summary of the Story

Isang guro na tinatawag na Mabuti ng kanyang mga estudyante kapag nakatalikod dahil sa lagi niya itong tinuturan kapag wala siyang masabi. Tinuturuan niya ang mga mag-aaral sa Panitikan dahil dito siya bihasa.

Magtatakip-silim na n gang isang mag-aaral ay umiiyak sa isang sulok ng silid-aklatan dahil sa isang maliit na problema. Nilapitan siya ni Mabuti at kinausa, inusisa at pinatahan. Namangha ang bata dahil doon din tumatangis si Mabuti sa sulok na iyon. Tinanong niya si Mabuti kung ano ang dahilan ng kanyang pagtangis sa sulok na iyon ngunit hindi siya nasagot ni Mabuti. Simula noon, ang mag-aaral ay nagkaroon ng matinding damdamin sa pagtuklas sa suliranin ni Mabuti na pilit ikinukubli ng guro.

Isang araw, nagkwento si Mabuti tungkol sa kanyang anak mag-aaral na sa susunod na pasukan. Nasambit niya na nais niyang maging manggagamot ang kanyang anak, isang mabuting manggagamot. Bigla niyang narinig ang bulung-bulungan ng dalawang estudyante na ang sinasabi ay “Gaya ng kanyang ama!”. Tumakas ang dugo sa mukha ni Mabuti na parang isang puting tela. Gayunpaman, siya ngumiti ng pilit at sinabing, “Oo, gaya ng kanyang ama”. Sa pagkabigla at pagkakilabot sa narinig nay nakuha parin niyang ngumiti bagamat pilit. Ilang araw din ang itinagal ng pagkamutla ng kanyang mukha. Samantala, napagtagpi-tagpi na ng bata ng mga impormasyon ngunit bigo parin siyang matuklasan ang lihim at suliranin ni Mabuti.

Natuklasan ng mag-aaral na nagging malapit kay Mabuti, na kasalukuyang nakaburol ang asawa ngunit hindi sa tinitirhan ni Mabuti.

Lubos na naunawaan at nabatid ng mag-aaral na naging malapit kay Mabuti ang lahat at iyon ang nagpagaan ng damdamin nito.

Ang guro ay mag-aaral.

“Sa panitikang pambansa, si Aling Bebang ang una’t pinakanatatanging tagapaglahad ng mga musmos na lunggati’t kalungkutan sa loob ng paaralan.

Tunay na kahanga-hanga ang mga maikling kwento ni Matute na tumatalakay sa mga karanasan ng mga guro at mag-aaral sa loob ng paaralan. Sinalamin ng mga ito ang mga kongkretong karanasan ng mga guro at mag-aaral sa totoong buhay. Naipahiwatig sa mga ito ang mga suliraning personal at panlipunan na matagal nang naghihintay ng katugunan.

Sa paglalahad ng karanasan ng pagtuklas ng mga gurong tauhan, ang mga guro ay naipwesto ng manunulat sa posisyon bilang mag-aaral. May binabasag ang ganitong ideya sa umiiral na relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral at sa paniniwala hinggil sa daloy ng kaalaman sa pagitan nilang dalawa. Ang guro ay hindi palaging taga-bigay ng kaalaman, ang mag-aaral ay hindi simpleng tagatanggap lamang ng kaalamang ito. Ang daloy ng kaalaman ay hindi palaging mula sa guro patungo sa mag-aaral. Bagkus, ang daloy ng kaalaman sa pagitan ng guro at mag-aral ay dalawahan – ang mag-aaral ay natututo sa guro, at ang guro ay natututo sa kanyang mag-aaral. Hindi lamang simpleng dalawahan, kundi dinamiko ang proseso ng kanilang pagkatuto. Sa kanilang tuluy-tuloy at dalawahang panig na pagbabahagian, nadaragdagan at lumalalim ang kanilang kaalaman. Ang guro at mag-aaral ay nailalagay sa pantay na posisyon. Sila ay kapwa guro at mag-aaral ng bawat isa.

Ang maikling kwento na ito ay nagpapatunay na "Walang lihim na hindi nabubunyag" at kahit gaano pa man kalakas ang isang tao, may itinatago pa rin siyang kahihiyan/kapintasan o mga madidilim na sikreto sa buhay.